# Para sa mga Dayuhang Residente

# Impormasyon tungkol sa Sistema ng My Number at My Number Card



2023, Enero

Ministri ng Panloob na Ugnayan at Komunikasyon

Digital na Ahensya

# Tungkol sa My Number Card


- Ang iyong My Number card ay ginagamit sa mga administratibong pamamaraan tulad ng social security, buwis, at pag-iwas sa sakuna. Ang 12-digit na My Number ay itatalaga sa iyo kapag ang iyong residency record ay ginawa sa unang pagkakataon pagdating sa Japan.
- Ang numero ng bawat tao ay magkakaiba at sa pangkalahatan, parehong numero ang gagamitin sa buong buhay ng isang tao.
- Gagamitin ang parehong numero kung sakali mang umalis ng Japan pansamantala at muling bumalik. Ang numero ay hindi maaaring palitan sa pansariling kagustuhan.

## Ang abiso ng My Number ay ipapadala sa iyong tirahan

- Matapos magawa ang iyong residency record sa unang pagkakataon sa Japan, makakatanggap ka ng selyadong sulat tulad ng ipinapakita sa ibaba, pagkaraan ng dalawa hanggang tatlong linggo.





Harap




Likod

- Ipapadala ito sa pamamagitan ng koreo, kaya kung wala ka sa bahay sa oras ng pagtanggap, makakatangap ka ng “absence notice” sa iyong mailbox. Pagkatapos tingnan itong “absence notice", mangyaring makipag-ugnayan sa post office at ihatid itong muli sa iyong address, o mangyaring direktang pumunta sa post office para matanggap ito. Kung hindi dumating ang mail o hindi mo ito matanggap, mangyaring magtanong sa opisina ng munisipyo kung saan ka nag-aplay para sa iyong resident certificate.

- Sa loob ng sobre ay nakalakip ang **abiso ng My Number** tulad ng ipinapakita sa ibaba.




令和2年6月10日発行
□□市長

個人番号通知書

個人番号 1234 5678 9012

氏　名 番号 太郎

生年月日 令和２年６月１日

○ 本通知書はあなたの個人番号(マイナンバー)をお知らせするためのものです。

○ 本通知書は「マイナンバーを証明する書類」や「身分証明書」としては利用できません。「マイナンバーを証明する書類」が必要な場合には、マイナンバーカードをご提示いただくか、マイナンバー入りの住民票の写しまたは住民票記載事項証明書をご提出ください。

○ 本通知書の再発行は行いません。

マイナンバーカードの申請について

○ マイナンバーカードの申請にはスマートフォンやタブレットによるオンライン申請が便利です。顔写真データをご準備のうえ、右記のQRコードを読み取ってください。

交付申請用QRコード

○ 郵送によりマイナンバーカードを申請する場合には、同梱の封筒と交付申請書をご利用ください。その他の申請方法については同梱のパンフレットをご確認ください。

※ なお、マイナンバーカードを申請した場合、申請状況の問い…
あなたの申請書IDは【 1234 5678 9012 3456 7890 123 】です。

○ マイナンバーカードの受け取りには本人確認が必要ですが、申請時に本人確認を行う場合には、本通知書を提示することで、手続が簡素化できる場合があります。マイナンバーカードの申請に関する詳細については、同梱のパンフレットまたはマイナンバーカード総合サイト（https://www.kojinbango-card.go.jp/）をご覧ください。

工場管理用

お問い合わせ先：0120-95-0178
（マイナンバー総合フリーダイヤル）
平日9時30分～20時00分
土日祝9時30分～17時30分
（年末年始を除く）

視覚障がい者用
音声コード

202005121　120000　0000002　00000008　2/9

- Maaring kumpirmahin ang iyong My Number gamit ang abiso ng My Number.
- Ang abiso ng My Number ay maaaring gamitin bilang isang "dokumento na nagpapatunay sa iyong My Number," ngunit hindi ito maaring gamitin bilang isang "dokumento sa pagkakakilanlan."
- Maaaring mag-aplay para sa My Number Card sa pamamagitan ng QR code para sa pag-isyu ng aplikasyon.

*Ang QR code ay isang rehistradong trademark ng DENSO WAVE INCORPORATED.

## ★Importanteng Paalala★

- Maliban sa mga pamamaraan ng buwis sa iyong pinagtatrabahuhan, ipinagbabawal ng batas na ibigay ang iyong My Number, hingin ang My Number ng ibang tao, o isulat ito. Kung hihilingin sa iyo ang iyong My Number, mangyaring kumpirmahin ang layunin ng paggamit sa kabilang partido.
- Kung ang "tirahan", "pangalan", "expiration date ng panahon ng pananatili, atbp." na naka-lagay sa "Aplikasyon para sa My Number Card" ay nagbago, o kung ang "expiration date ng panahon ng pananatili" ay lumipas na, hindi na maaring iproseso ang aplikasyon. Hindi na ito maaaring gamitin.
- Kung ang "expiration date ng panahon ng pananatili" sa aplikasyon (1 buwan bago mag-expire) ay nalalapit, huwag nang gamitin porma ng aplikasyon. Pagkatapos i-renew ang residence card sa Immigration Bureua, mangyaring mag-aplay para sa My Number Card pagkatapos makakuha ng bagong porma ng aplikasyon sa tanggapan ng munisipyo.


# Tunkol sa My Number Card

## 1. Ano ang My Number Card

- **Ang My Number Card ay isang pampublikong dokumento ng pagkakailanlan na maaring magamit sa personal o online.**
- **Bukod sa pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan, kasarian, My Number, atbp., na nakasulat sa harapan ng card, mayroon ding itong larawan ng iyong mukha.**
- **Para sa mga dayuhang residente, ang dokumentong ito ay ibibigay pagkatapos makumpirma ang iyong pagkakakilanlan gamit ang isang dokumento na may iyong larawan na maaaring patunayan ang kanilang pagkakakilanlan, tulad ng isang pasaporte.**
- **Kinakailangan ang isang aplikasyon para makakuha ng my number card.**


Harap

Petsa ng pag-expire ng card




Likod

My Number




## Mga Benepisyo ng My Number Card

- Ang pagkumpirma ng My Number at pagkakakilanlan ay maaaring gawin gamit ang isang card.
- Maaari itong magamit bilang health insurance card.
- Maaari mong gamitin ang serbisyong ito para sa mga online na aplikasyon para sa iba't ibang mga pamamaraang pang-administratibo. Maaari kang makakuha ng kopya ng iyong sertipiko ng paninirahan, sertipiko ng pagpaparehistro ng selyo, at iba pang mga sertipiko sa mga convenience store. Ang serbisyo ay nag-iiba depende sa lungsod na iyong tinitirahan.
- Ang mga aplikasyon para sa paninirahan ay maaaring isumite online.

## ★Importanteng Paalala★

- Kung ang iyong “tirahan" o "pangalan" ay binago, kailangan na pumunta sa opisina ng munisipyo sa loob ng 14 na araw upang maisulat ang bagong impormasyon sa harapan ng card.
- Ang My Number Card ay may validity period, at ang card ay mawawalan ng bisa kung ang proseso ng pag-eextend ay hindi nakumpleto sa munisipyo bago matapos ang validity period.
- Kung nawala mo ang iyong My Number Card, i-report agad ito sa pulis (estasyon ng pulis) at sa opisina ng munisipyo.
- Kung nawala mo ang iyong My Number Card, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa toll-free na numero (*) sa ibaba upang i-deactivate ang card. *Para sa mga oras ng serbisyo sa bawat wika maliban sa Hapon, mangyaring sumangguni sa p. 5.

**■Multilingual ☎ 0120-0178-27**

・Mga sinusuportahang wika:
English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Thai, Nepali, Indonesian, Vietnamese, Tagalog

**■Japanese ☎ 0120-95-0178**

・Weekdays 9:30 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi
・Sabado, Linggo, at Holiday: 9:30 ng umaga hanggang 5:30 ng hapon (Hindi kasama ang mga holiday sa katapusan ng taon at Bagong Taon)
※Pansamantalang pagususpinde dahil sa pagkawala ng My Number Card ay tumatanggap ng tawag 24-oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon.

## 2. Proseso ng pag aplay para sa My Number Card

**Maaari kang mag-apply para sa My Number Card sa sumusunod na apat na paraan!**

### Smart Phone（Japanese lamang)

❶ Kumuha ng iyong larawan sa smart phone (maaring kumuha ng iyong larawang habang nasa proseso)
❷ Maaring i-scan ang **QR code para sa aplikasyon** mula sa abiso ng My Number.
❸ Irehistro ang iyong e-mail address, atbp. sa website para sa mga aplikante
❹ Kapag natanggap ang URL para sa website ng aplikante sa e-mail address, irehistro ang iyong larawan ng mukha at ilagay ang kinakailangang impormasyon upang makumpleto ang aplikasyon.




**QR code para sa aplikasyon**

### Computer（Japanese lamang)

❶ Kumuha ng larawan ng iyong mukha gamit ang isang digital camera, atbp.
❷ Ilagay ang iyong application ID (23 digit) at irehistro ang iyong e-mail address sa website※ ng aplikasyon
❸ Kapag natanggap ang URL ng website para sa mga aplikante, irehistro ang iyong larawan, ilagay ang kinakailangang impormasyon, at kumpletuhin ang aplikasyon

※(https://net.kojinbango-card.go.jp/SS_SERVICE_OUT/FA01S001Action.do )




Application ID
(23 digits)

### Photofinishing machine

1 Piliin ang “My Number Card Application” mula sa touch panel
2 Ilagay ang bayad para sa pagkuhang litrato at i-scan ang **QR code para sa aplikasyon ng** pag-iisyu ng abiso ng My Number.
3 Sundin ang mga gabay sa screen at ilagay ang kinakailangang impormasyon.
4 Sundin ang mga tagubilin sa screen upang kumuha ng larawan ng iyong mukha at ipadala Ito upang makumpleto ang aplikasyon.




**QR code para sa aplikasyon**

### Koreo


1 Kumpletuhin ang porma ng aplikasyon na kalakip ng abiso ng My Number at ilakip ang isang larawang kinunan **sa loob ng huling anim na buwan**.
2 Ipadala ito gamit ang nakalakip na sobre na naka-address sa sarili upang makumpleto ang aplikasyon.



**Porma ng Aplikasyon**



**Larawan ng mukha**



**Sobre na ibabalik**

Mangyaring sumangguni sa website para sa mga porma ng aplikasyon para sa pag-iisyu ng My Number Card sa mga wika maliban sa Hapon.
**QR code para makapasok sa Homepage⇒**

# Tumawag dito para sa mga katanungan.

## Multilingual toll-free hotline

☎ **0120－0178－27**
**(Pansamantalang pagsususpinde ng paggamit ng My Number Cards, atbp.)**

◆English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese
・24 oras na serbisyo
※8:00pm-9:29am Tanggapan ng pansamantalang pag suspinde ng My Number Card

◆Thai, Nepali, Indonesian
・9:00AM-6:00PM

◆Vietnamese at Tagalog
・10:00AM-7:00PM

---

☎ **0120－0178－26**
**(Tunkol sa My Number system, atbp.)**

◆English, Chinese、Korean、Spain、Portuguese, Vietnamese, Thai, Indonesian, Tagalog, Nepali
・Lunes hanggang Byernes 9:30am - 8:00pm
・Sabado, Linggo at Holiday 9:30am - 5:30pm
(Hindi kasama ang mga Holiday ng Bagong Taon)

